

PAANO GAWING TAGLAMIG NA SILUNGANG PAMBATA ANG ISANG SASAKYAN

Hakbang 1: Humanap ng ligtas na lugar para sa sasakyan

Mga silungan na binuo mula sa mga sasakyan ay madaling ilipat at maaring ipuwesto ng pabilog or magkakatabi ng iba pang mga silungan. Ipuwesto ang mga sasakyan upang maaari pa ring buksan ang isang pinto at maglagay ng plastik o iba pang materyales para takpan ang espasyo sa pagitan ng mga sasakyan.

Hakbang 2: Baklasin ang mga upuan

Mas malawak ang espasyo sa loob ng sasakyan pagkatapos baklasin ang mga upuan. Mas maraming tao ang makakahanap ng ginhawa sa lamig at puwersa ng hangin. Gamitin ang mga upuan upang magkaroon ng komportableng lugar para umupo sa labas ng sasakyan o sa ilalim ng plastik o banlindang na tolda.

Hakbang 3: Gamitan ng insulasyon ang loob ng silungan

A) Takpan ang sahig ng kama (mattress).

Magbibigay ng sapat ng insulasyon laban sa lamig mula sa lupa ang mga kama.

B) Takpan ang sahig ng damit at iba pang kagamitan.

Magbibigay ng sapat na insulasyon ang makapal na patong ng damit, tela, supot ng plasitk at nakabalot na diaryo.

C) Takpan ang mga bintana ng damit and diaryo.

Hakbang 4: Gumawa ng mga kagamitang pang-insulasyon para sa labas

Punuin ng bato, durog na bato, lupa, yelo o niyeba ang mga supot ng plastik o sako

Hakbang 5: Ilagay ang mga supot sa paligid ng sasakyan

Ilagay ang mga supot upang pigilin ang hangin na dumaan sa ilalim ng sasakyan.

